



¡Adorada sea la Santa Faz de Nuestro Señor Jesucristo!

**IGLESIA CRISTIANA PALMARIANA
DE LOS CARMELITAS DE LA SANTA FAZ**

Residencia: "Finca de Nuestra Madre del Palmar Coronada", Avenida de Jerez, Nº 51,
41719 El Palmar de Troya, Utrera, Sevilla, España
Apartado de correos de Sevilla 4.058 — 41.080 Sevilla (España)

One, Holy, Catholic, Apostolic and Palmarian Church



IKAPITONG APOSTOLIKONG SULAT

Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon 2018

Kami, Pedro III, Soberenyang Papa, Bikaryo ni Kristo, Kahalili ni San Pedro, Alipin ng mga alipin ng Diyos, Patriarka ng Palmar de Troya, de Glória Ecclesiæ, Mensahero ng Panginoong Diyos ng mga Hukbo, Mabuting Pastol ng mga kaluluwa, Nag-aalab sa Sigasig ni Elias at Tagapagtanggol ng mga Karapatan ng Diyos at ng Simbahan.

Kami, bilang Unibersal na Doktor ng Simbahan, may kapangyarihan ng Ating Panginoong Hesukristo, ng mga Apostoles San Pedro at San Pablo, at ng Aming Sariling Personal, solemneng nagdedeklara at ipinoproklama ang sumusunod:

May hindi maipahayag na kasiyahan ay Aming ipinoproklama ang susunod na taon 2018 na "Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon", dahil sa ang ika-30 ng Marso sa susunod na taon ay Ikalimampung Anibersaryo o Gintong Anibersaryo ng Unang Aparisyon ng Pinakabanal na Birheng Maria sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya at sa Agosto, ang Ikaapatnapung Anibersaryo ng Papado sa El Palmar de Troya, at ganoon din ang paggunita sa ikaapatnapung taon ng Simbahan sa Disyerto.

Ang Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon ay magsisimula sa umpisa ng darating na ika-1 ng Enero sa taong 2018, at magtatapos sa hatinggabi ng ikatatlumpu't isa ng Disyembre ng kaparehong taon.

Sa pagdalo sa mga turno ng Banal na mga Misa na idinadaos sa Katedral-Basilika ng Ating Ina ng Palmar Koronada sa loob nitong Maluwalhating Banal na Taon, ang lahat ng mga mananampalataya ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan ay maaaring makatamo ng Pinakaplenaryong Indulhensiya sa bawa't Misa na kanilang dadaluhan. Para rito ay kinakailangan ang tunay na pagsisi para sa mga kasalanan, pagkumpisal kung sa kamalasan ay nasa mortal na kasalanan, Banal na Komunyon kahi't isa sa bawa't araw na nais nilang makatamo ng mga Indulhensiya, at magdasal para sa mga intensiyon ng Aming Sarili, Pedro III, Palmaryanong Soberenyang Papa, sa pamamagitan ng pagdasal ng isang kumpletong Ama Namin sa loob ng araw na iyon.

Hanggang sa ngayon, sa lahat ng nakaraang Palmaryanong Banal na mga Taon, tanging posible lamang na makatamo ng Pinakaplenaryong mga Indulhensiya sa Katedral Basilika ng Ating Ina ng Palmar Koronada. Gayunman, sa loob ng Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon 2018, napakanaiiba, ang mananampalataya ay makatatamo rin nito sa bawa't Misa na Aming idinadaos sa Aming apostolikong mga paglalakbay sa iba't-ibang mga bansa. Ang mga mananampalataya ng Africa at Pilipinas, dagdag pa, na hindi kailan man nakapupunta sa El Palmar de Troya, ay makatatamo ng parehong Pinakaplenaryong mga Indulhensiya ng Maluwalhating Banal na Taon sa bawa't Misa na idinadaos ng kanilang Misyonerong Obispo sa mga Linggo at ibang Banal na mga Araw, sa kundisyong susundin nila ang lahat ng iba pang mga kundisyon.

Pakinabangan ang Maluwalhating Banal na Taon na ito upang makatamo ng maraming Pinakaplenaryong mga Indulhensiya, dahil itinuturo sa atin ng Katekismo na maliban sa pagpapatawad sa lahat ng temporal na parusa na katapat sa napatawad nang mga kasalanan, mortal at venial, ang Pinakaplenaryong Indulhensiya ay may birtud sa pagbibigay ng katangi-tangi, hindi mapagdududahang mga grasya para makatamo ng kabanalan. Tulad ng lagi na, ang mananampalataya ay magagamit ang

Pinakaplenaryong mga Indulhensiya ng Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon para sa kanilang pansariling pakinabang, para sa kanilang mga kamag-anak, para sa kumbersiyon ng mga makasalanan at sa suprahiyo para sa Banal na mga kaluluwa sa Purgatoryo. Itong Maluwalhating Banal na taon na ito ay Taon ng Pagpapatawad para sa mga kasalanan. Ito ay ang taon kung saan ang Diyos at ang Kanyang Pinakabanal na Ina higit kailan man ay ipinakikita ang Kanilang awa at kabutihan sa sangkatauhan. Siguruhin nating tumugon sa Kanilang banal na kabutihang-loob, na dapat na ikonsidera na “ang pagmamahal ay nababayaran lamang ng pagmamahal”.

Nang maganap ang Unang Aparisyon ng Pinakabanal na Birheng Maria sa Sagradong Lugar ng Lentisko sa El Palmar de Troya noong 1968, wala ni isa mang nangarap sa pagiging transendente ng kaganapan, sapagka’t kahit na lantad na maraming mga bagay sa Simbahan ay mali, wala ni isa man ang naghinala noon na, dito sa hindi dinadaanang lugar, ang pinakaimportanteng mga Aparisyon sa buong kasaysayan ay nagsimula, na kung saan ay nakadepende ang kaligtasan ng Simbahan at ng buong mundo. Sa kinalabasan wala ni isa man noong panahong iyon ang makapagpapasalamat nang sapat sa Diyos at sa Kanyang Pinakabanal na Ina para sa katangi-tanging mga benepisyo. Bilang resulta, sa ikalimampung anibersaryo o gintong anibersaryong ito, ng unang Aparisyon na iyon, marapat lamang na ang buong Simbahan ay kilalanin ang ganoong mga pabor, ipakita ang Kanyang malaking pasasalamat at tumugon na may panibagong alab sa Pinakabanal na Maria sa mga panawagan para sa pagdarasal at penitensiya.

Bakit napakaraming mga aparisyon sa El Palmar? Kinakailangan ang mga iyon para mailigtas ang Simbahan. Kung hindi, sa pagkamatay ni Papa San Pablo VI, ang mga lagusan ng Impiyerno ay nagtagumpay sana laban sa Simbahan, sapagkat nang panahong iyon ang Roma ay tuluyan nang nahulog sa mga kamay ng mga kaaway ni Kristo, at walang tunay na Papa ang posible roon. Dapat tayong magpasalamat sa mga Aparisyong ito, tumugon sa ganoon kasaganang mga grasya, gumawa para sa kaligtasan ng mga kaluluwa, at higit sa lahat mag-alay ng reparasyon sa Diyos at pakalmahin ang Kanyang makatarungang Galit. Para maunawaan ito, ay balikan nating muli ang kasaysayan ng mga Aparisyon.

Noong ika-30 ng Marso 1968, ang Pinakabanal na Birhen ng Carmel ay nagpakita sa unang pagkakataon sa ibabaw ng isang puno ng lentisko sa isang propyedad sa El Palmar de Troya sa apat na mga batang babae mula sa nayon. Sumunod sa unang apat na batang mga babae, ang iba pang mga seer ay nagsimulang nagsulputan, pinangungunahan ng apat na mga lalake at apat na mga babae, marami sa kanila ay naninirahan sa El Palmar. Sa lugar ng Lentisko, maraming mga panalangin ang dinasal at ang mga seer ay tumanggap ng mga pagbisita mula sa Langit, at ang lugar na ito, na pinili ng Pinakabanal na Birhen sa Kanyang unang Aparisyon, ay kung saan ang Banal na Mukha ni Hesus at ang Ating Ina ng Palmar Koronada sa ngayon ay nakatrono.

Si Clemente Domínguez y Gómez at ang kanyang kaibigang si Manuel Alonso Corral ay nagsimulang pumunta nang madalas sa Sagradong Lugar at kinilala ang pagiging tunay ng mga Aparisyon. Kapwa madalas sila ang nangunguna sa mga pagdasal, ay nakilala nang mas mabuti ang mga seer at nagkaroon ng maraming mga patunay sa katotohanan ng mga ito. Noong ika-30 ng Setyembre 1969, ay nagkaroon si Clemente ng unang bisyon nang makita niya ang Panginoon at si Padre Pio. Simula sa araw na iyon si Clemente ay nagkaroon na ng madalas na mga bisyon, na kinumpirma ng ibang mga seer. Noong Disyembre 1969, siya ay may mga Mensahe na nagrerekomenda sa pagdasal ng Banal na Rosaryo ng mga Ama Namin, o Rosaryo Penitensiyal, at nag-utos sa Adorasyon sa Banal na Mukha, sa Banal na Daan ng Krus at Komunyong Reparasyon sa Unang mga Huwebes na ipalaganap sa buong mundo para magbayad-puri para sa mga kasalanang nagawa sa Banal na Mukha ng Panginoon.

Si Clemente Domínguez y Gómez sa madaling panahon ay naging pangunahing mensahero; dahil ang Ating Panginoong Hesukristo at ang Pinakabanal na Birheng Maria ay ipinagkatiwala sa kanya ang pinaktransendente at makompromisong mga mensahe. Ang mga Mensahe ay patuloy na panawagan para sa panalangin at penitensiya, pagtuligsa sa mga erehya, progresibismo at iba pang mga pagsasalaula na walang awang pumipinsala sa Romanong Simbahan; ang pagpahayag ng apokaliptikong mga kaganapan: isang malaking pagkakahati-hati sa Simbahan makaraan ang kamatayan ni Papa San Pablo VI; ang pagkakaron ng Papa sa El Palmar de Troya; ang nalalapit na pagdating ng Antikristo at ang Maluwalhating Ikalawang Pagdating ng Ating Panginoong Hesukristo bilang Kataas-taasang Huwes upang gawaran ng paghusga ang mga tao sa buong sansinukob at ilunsad ang Mesyanikong Kaharian sa mundo. Ang nakararami sa mga kardinal, mga obispo at mga pari ng Romanong Simbahan ay nag-apostata na. Si Papa San Pablo VI ay isang inosenteng biktima ng freemasonry at komunismo na noon ay nakapangyayari sa Simbahan. Ang mga Aparisyon sa El Palmar de Troya ay inihanda ang Pamunuan ng Simbahan sa hinaharap sa lugar na iyon, na

sa ngayon ay naroon na nga. Ang pangunahing seer sa mga Aparisyon sa El Palmar de Troya, si Clemente Domínguez y Gómez, ay kinailangang lumaban nang buong tapang para ipaalam ang masyadong nakakokompromisong mga Mensahe na ibinigay sa kanya ng Ating Panginoong Hesukristo at ng Pinakabanal na Birheng Maria sa loob ng mahabang mga taon. Ang kanyang katapatan sa Diyos ay lubusan nang napatunayan. Si Clemente Domínguez, sa simula pa lamang, ay naging isang dakilang Apostol ng Banal na Mukha ng Ating Panginoong Hesukristo at ng Banal na Rosaryo Penitensiyal, mga debosyon na lubhang nilalabanan ng marami at kung saan ay masigla niyang ipinagtanggol.

Sa kanyang apostolikong misyon, ang kabataang Clemente Domínguez ay nagkaroon ng mga pakikipanayam sa pinakaimportanteng mga Prelado ng Romanong Simbahan, ng Espanya at ng ibang mga bansa, ang karamihan sa kanila noon ay sumama na at, sa harap ng kanilang katigasan ng ulo, ay nanindigan sa marami sa mga Preladong iyon sa pagtanggol sa mga karapatan ng Diyos at ng Simbahan ayon sa utos ng Panginoon at ng Birheng Maria. Sa isang okasyon, ay ibinigay pa niya mismo ang mga Mensahe ng El Palmar kay Papa San Pablo VI sa isang pakikipagharap sa Papa. Ang Maluwalhating Papa na ito, San Pablo VI, na alam ang mga Aparisyon mula sa Langit at mga Mensahe, kahit kailan ay hindi kinondena ang Gawain ng El Palmar de Troya. Si Clemente Domínguez y Gómez ay ang dakilang tagapagtanggol ni Papa San Pablo VI, at may tapang at desisyon ay ipinahayag sa mundo na ang Papang ito ay isang biktima ng freemasonry sa Batikano, na ang mga mason ay dinroga siya upang mawala sa sarilng kaisipan.

Ang layunin ng mga Aparisyon sa El Palmar de Troya ay para ihanda ang isang lugar ng kanlungan para sa tunay na mananampalataya ng Simbahan nang ang nakikitang pag-apostata ng Roma ay maganap. Ang mga Mensahe mula sa Langit ay iginiit ang maraming mga pangunahing mga katanungan: Ang Pagtanggol sa awtentikong Katolikong Pananampalataya ayon sa Banal na Tradisyon at sa awtentikong Makapangyarihang Turo ng Simbahan, pagmamahal, pagtalima at pagpapasailalim sa Sagradong Persona ng Papa bilang Bikaryo ni Kristo, Hindi Nagkakamaling Bato, noon Pablo VI; pagmamahal, respeto at tunay na pagsamba sa Sagradong Eukaristiya, na may obligasyong tumanggap ng Banal na Komunyong na nakaluhod at sa dila, at ang pagkondena sa pagbigay ng komunyong doon sa mga nakatayo bilang kawalang galang, at sa kamay bilang sakrilihiyo; pagmamahal at benerasyon para sa Pinakabanal na Birheng Maria bilang Ina ng Diyos at Ina ng Simbahan; pagtanggol sa mga Marianong Dogma, at ang pamimimtuho sa Sagradong mga Imahen; pagmamahal at debosyon sa mga Santo, lalo na sa Maluwalhating Patriarka San Jose, at ang benerasyon sa kanilang mga imahen, gayundin ang debosyon sa Banal na mga Kaluluwa sa Purgatoryo; ang patuloy na pagtagubilin sa Panalangin at Penitensiya, Banal na Misa, Banal na Komunyong, Adorasyon sa Araw at sa Gabi sa Pinakabanal na Sakramento, meditasyon sa Pasyon ng Panginoon sa pamamagitan ng pagdasal ng Banal na Daan ng Krus, pagdasal ng Banal na Rosaryo Penitensiyal bilang pinakamakapangyarihang armas laban kay Satanas, reparasyon sa mga pagkakasalang ibinigay sa Banal na Mukha ni Hesus, sa Kanyang Pinakasagradong Puso at sa Imakuladong Puso ni Maria, sa pamamagitan ng mga Komunyong Reparatoryo; kondensasyon laban sa mga erehyang pagbabago at sa 1969 na tinatawag na “novus ordo missæ”, inimbento at likha ng mga erehe at hindi gawa ni Papa Pablo VI, muling pag-establisa ng “Holy Latin Tridentine Mass of Saint Pio V”, bilang awtentikong Sakripisyo ng Altar, na kung saan ang Kalbaryo ay tunay na pinananatili at ang Banal na Dugo ay pinadadaloy upang makagawa ng Reparasyon sa Diyos at makatamo ng Pagtubos sa sangkatauhan; dahil ang Banal na Sakripisyo ng Misa ay hindi maaaring palitan ng hindi tunay na misa na walang sakripisyo subalit isang bangkete, tulad ng nagaganap doon sa satanikong modernong mga misa; kondensasyon sa progresibismo, na nakasisira sa Banal na Tradisyon, at ang mga erehya na pinalalaganap sa loob mismo ng kailaliman ng Simbahan ng maraming mga Pari at kasama na ang ibang mga Obispo at mga Kardinal; kondensasyon sa liberalismo, marxismo at sa maling-mali nilang tinatawag na ekumenismo; masidhing paghikayat sa pagiging mapagmatyag at sa panalangin, sapagkat ang komunismo at freemasonry ay nakapasok na sa Simbahan, at umukupa na ng mataas na mga katungkulan; paghahayag sa isang pagdating na Pagkakawatak-watak sa Simbahan, sa pagkahirang ng isang antipapa, na susubukang sirain ang Simbahan pagkaraang mamatay si Papa Pablo VI; ang paghahayag sa pagdating ng antikristo, na gagawin ang kanyang sarili na sambahin bilang Diyos; pagtatagumpay ng kapangyarihan ng komunista sa mundo; ang paghahayag sa darating na teribleng Ikatlong Digmaang Pandaigdig, atomiko, na sisira ng maraming mga lungsod, na may kasamang paglinis sa mundo sa pamamagitan ng apoy at parusa sa mga masasama; ang pagtatagumpay ng Imakuladong Puso ni Maria, ganap na pagkatalo kay Satanas, ang Pangalawang Pagdating ni Kristo at ang Kanyang total at lubos na Paghahari. Ang lahat ng ito ay magaganap sa malapit nang panahon.

Dahil ang kuraptong herarkiya ng Simbahan ay tinanggihan ang lahat ng mga utos at mga babala ni Kristo, noong ika-23 ng Disyembre 1975, ay inatasan ng Panginoon ang noon ay si Clemente Domínguez y Gómez na ipundar ang Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha Kasama ni Hesus at ni Maria. Ang mga kasapi ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha ay ang Marianong mga Apostoles sa Huling mga Panahon, na tinatawag din na mga Tagapasan ng Krus. Noong Enero 1976, sa El Palmar de Troya, si Clemente ay inordenan bilang Pari at kinonsagra bilang Obispo ni Arsobispo San Pedro Martin Ngó-dinh Thuc, at hindi nagtagal ang Palmaryanong Kalipunan ng mga Obispo ay nabuo. Ang lahat ng mga ito ang layunin ng isang seryosong persekusyong inilunsad ng apostatang Kardinal ng Sevilla, Bueno Monreal, malupit na tagausig ng mga Aparisyon sa El Palmar de Troya. Noong Mayo 1976, si Padre Clemente Domínguez ay nawalan ng dalawang mata sa isang aksidente. Gayunman, kahit bulag, siya ay nagpatuloy sa marubdob na apostolado tulad ng dati, sa Espanya at iba pang mga bansa ng Europa at Amerika, pinoproklama ang tunay na Pananampalataya, Tradisyon at Banal na mga Moral sa kanyang mga sermon, masiglang ipinagtanggol si Papa San Pablo VI, inaatake pareho ng mga progresibista at sukdulang mga tradisyonal, at tinutuligsa higit sa lahat ang mga erehya at pagkasirang pinalalaganap ng mga kardinal at mga obispo mula sa Batikano at sa mga diyosesis. Ang Obispo Primado ng El Palmar de Troya, una bilang Padre Clemente at sumunod sa pangalang Padre Fernando, ay ang tinig na humihiyaw sa Simbahan sa pangalan ng Romanong Soberenyang Papa, na hindi pinahihintulatang magsalita o kumilos nang malaya. Sa malinaw na kalooban ng Diyos, hanggang sa kamatayan ni Papa San Pablo VI, si Obispo Padre Fernando ang pumuno sa pinakamataas na katungkulan na Sub-Bikaryo ni Kristo sa Simbahan. Noong Agosto 1976, sa isa sa Kanyang mga Aparisyon, ang Ating Panginoong Hesukristo ay ipinangako ang pagiging Papa ng Simbahan kay Padre Clemente, sinabi sa kanya: “Ikaw ang magiging Pedro sa hinaharap; ang Papa na pag-iisahin ang Pananampalataya at integridad sa Simbahan, makikipagdigma laban sa mga erehya na may makapangyarihang lakas, sapagka’t hukbong mga Anghel ang tutulong saiyo.”

Samantalang ang kasumpa-sumpang progresibismo ay umaatake sa mismong mga pundasyon ng Simbahan para sirain siya, ang Ating Pinakabanal na Ina, ang Birheng Maria, ay malinaw na tinuligsa ang korupsiyon at pagkasira ng romanong simbahan na patungo na sa pag-apostata at, sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya, ay pinanatiling matatag ang kanyang mga anak sa Banal na Katolikong Pananampalataya. Sa mga Mensahe, ang ating Panginoong Hesukristo ay nagsabi: “Nguni’t Ako, na tumutulong sa Aking Simbahan hanggang sa matapos ang panahon, ay hindi pahihintulutan ang Aking pinili na malinlang. Sinasabi Ko sa inyo huwag makinig sa anumang salita laban kay Papa Pablo VI, pinili ng Banal na Ispiritu... O Aking anak malungkot na kailangang sabihin ang mga bagay na ito tungkol sa Aking mga Ministro! Subalit dapat Kong sabihin ang mga iyon, upang ang Aking mga tupa ay hindi mapariwara. Ako ang Mabuting Pastol. Anong Pastol ang hahayaan ang kanyang mga tupa na mapariwara? Hindi ba pinapangalagaan niya sila nang ligtas sa kanyang paligid? Mapapayagan ba ng mabuting pastol ang kanyang mga tupa na patnubayan ng mga lobo? Kung kaya, sa pagtupad ng Aking Misyong bilang Mabuting Pastol, binabalaan Kita sa masamang mayroon sa Simbahan. Sa mga panahong ito, pagnilayang mabuti ang tungkol sa pagtalima sa mga Pastol. Ngayon may mga pastol na nagtuturo ng erehyang mga doktrina. May mga pastol na kumukontra laban sa Pinakamataas na Pastol, ang Aking Bikaryo. Maipaliliwanag ba ninyo sa Akin kung paano kayo sumusunod sa isang naliligaw na pastol? Mahuhulog kayo sa kaparehong hukay. Aking maliliit na mga anak: Ngayon, higit kailan man, humawak nang napakahigpit sa Bato, sa Papa. Ngayon, higit kailan man, maging alerto sa boses ng Papa, sapagka’t maraming mga Obispo ang hindi niya kapanalig. Sinasabi Ko sa inyo, Hindi kayo maaaring sumunod sa Obispo kung siya ay hindi kapanalig ng Papa. Ang Papa ay palaging Pedro, at ang Pedro ay siyang namumuno sa Simbahan. Aking maliliit na mga anak: magdasal kayong mabuti para sa inyong Banal na Inang Simbahan, para sa inyong mga Pastol, inyong mga Pari. Patuloy ninyo silang ipagdasal. Ang Simbahan ay mas lalong nakakubli, magiging para siyang sumuko na; subali’t ang Aking tulong ay hindi kayo bibiguin. Mananatili Ako sa inyo hanggang sa katapusan ng panahon. Nguni’t ang Aking Tunay na Simbahan ay magiging napakatago at labis na pahihirapan at ang parisaik na simbahan ang lubos na kikilalanin ng lahat ng mga Estado at susunod sa mga landas ng antikristo. Gayunman, huwag mabahala: nasa inyo ang Aking Pinakabanal na Ina bilang Banal na Pastora. Gagabayon Niya kayo at ang tunay na Barko ay hindi susuko, subali’t lulutang sa ibabaw ng mga tubig, matatag, matapang at magbibigay ng maraming mga martir na gugulat sa sangkatauhan: ang Simbahan ng Marianong mga Apostoles. Ngayon, higit kailan man, dapat na magtiwala kayo sa ispiritwal na pagiging Ina ni Maria, ang Isang puno ng Grasya.” “Aking maliliit na mga anak: Anong mga panahon ang darating! Hindi magtatagal ang malaking Pagkakawatak-watak ay darating! Sunod kay Pablo VI ay darating ang paghahari

ng antipapa. At ang katanungan tungkol sa pagtalima ay makikita. Isipin na lamang na ang isang lalake na tinatawag ang kanyang sarili na Papa, na ang lahat ay kinukonsidera siya bilang Papa, Pinuno ng Simbahan, at magsisimulang magbigay ng kakaibang mga utos. At natural sasabihin nila: siya ang Papa, dapat akong makinig sa kanya at sundin siya. At ang mga paglihis ay darating: ang mga tupa nagpapalaboy sa gitna ng mga lobo. Nguni't ang dakilang mga Santo ay babangon; may mga parola, mga bandila at mga estandarte, na walang sinuman ang makapagpapatahimik hanggang sa sila ay dumanas ng pagiging mga martir. At, ang pagtalima ay makikita; Kayo ay hindi na maghihintay nang matagal.

Sa ibang mga Mensahe, ang Panginoon ay nagbabala tungkol sa huwad na ekumenismo ng panahon: “Ngayon, malungkot, sa pagtawag sa kanilang mga nahiwalay na mga kapatid, ang kaisipan tungkol sa erehya ay nawala. Ngayon ang lahat ay bukas sa diskusyon, ang lahat ay kamag-anak; at sa pagdating ng panahon ang lahat ay mahuhulog sa kaparehong erehya, pinupuri ang mga kalvinista at mga lutherano. Nguni't, ano ang nangyayari sa Aking Simbahan? Nguni't, nagbago na ba ngayon ang Katotohanan sa Simbahan? Ang mga bagay ba na dating kinukondena ay hindi na kinukondena ngayon? Ang dati bang erehya ay hindi na erehya ngayon? Hindi, Aking mga anak! Kung ang erehya sa nakaraan ay erehya ngayon, kung iyon ay idineklara ng Katedra ni Pedro. Labanan ang kalvinismo! Labanan ang protestantismo! Labanan ang lutheranismo! Tingnan ninyo, Aking mga anak, ngayon ay may mas malaking panganib, dahil ang kalvinismo at lutheranismo ay nasa loob na ng Katolisismo. Iyan ang pinakamalaking panganib: nasa loob na sila ng Katolisismo. Sa nakaraan sila ay nasa labas at alam ninyo kung saan sila nanggaling. Nguni't ngayon nasa loob na sila. Labanan sila! Ako ang inyong bandila, Ako, si Hesukristo at si Maria Imakulada, kasama ni Pedro sa Banal na Katauhan ni Pablo VI. Iyan ang Simbahan. Lumayo sa mga erehyang pagbabago! ... Aking maliliit na mga anak: Sa Sagradong mga Lugar ng mga Aparisyon kayo ay natututong bumalik sa Banal na Tradisyon ng Simbahan. Ang mga ito ang awtentikong mga Semyaryo... Ngayon sinasabi nila: ‘Ang Simbahan ay nasa edad na, hindi na dapat tayo magpasunod, may kalayaan sa pamamahayag.’ Kung may kalayaan sa pamamahayag, kung ganoon bakit iyong mga Pari na nagdadaos ng Misa ayon sa Banal na Tradisyon ay pinagbabawalan, pinatatahimik at pinatatalik sa labas ng mga simbahan? Nasaan iyong kalayaan sa pamamahayag? Ang Tradisyonal na Simbahan ay inaakusahang diktador. Nguni't hindi ba ang progresibistang simbahan ay nagpapasunod ng progresibismo kahi't na sino pa ang kumontra, ano man ang mangyari? Hindi ba inaalis nila ang mabubuting tao sa kanilang mga puwesto dahil sa katotohanang sila ay mga tradisyonalista? Lumayo kayo sa diktador na iyon! Kung ang tradisyonalistang diktador ay aalisin, alisin din ninyo ang progresibistang diktador... Tingnan ninyo Aking mga anak: dapat kayo ay maging matalino tulad sa mga serpiyente, at payak tulad sa isang kalapati. Kaya ang pagkondena sa mga Sagradong Lugar na ito, nang walang maingat na pag-aaral, ay nakasasakit sa Akin. Paanong ang anuman ay ikukondena kung walang mga pagdinig, kung ang magkabilang mga panig ay hindi pa narinig, kung saan ang pagtimbang ay hindi pa narating? Kaya muli Kong sinasabi sainyo: magmuni, magsaliksik, at matatagpuan ninyo ang Liwanag.” “Ngayon na napakarami ang sinasabi tungkol sa pagkakaisa ng lahat ng mga Kristiyano, ang sinasabing nawalay na mga kapatid, isang labis na naabusong bagong titulo: tumpak sa panahong ito ng tinatawag na pagkakaisa, ay kung saan ang Katolikong Simbahan ay nagkawatak-watak sa sarili nitong kailaliman. Hanapin muna ang awtentikong pagkakaisa sa mga Katoliko at saka magdasal nang marami para ang nawalay na mga kapatid ay bumalik sa Tahanan ng Ama. Unawain ang titulong ito na nawalay na mga kapatid bilang dahilan para mahalin iyong mga kasapi mula sa puso at kasuklaman ang kanilang mga ideya, sapagka't ang mga ideyang iyon ay mga erehya. Napakalaki ang abuso nitong “nawalay na mga kapatid” ngayon na ang Katotohanan at mga kasinungalingan ay inilagay sa parehong pedestal; at ang mas masama: sa halip na dalhin ang mga erehya sa Isang Tunay na Simbahan, ang Katolikong Simbahan, ang mga Katoliko ay nahulog sa kaparehong mga erehya na iyon.”

Ang isa sa pinakapangunahing layunin ng El Palmar ay ipagtanggol ang Sagradong Persona ng Papa, Bikaryo ni Kristo, noon San Pablo VI, tulad ng ipinaliwanag ng Panginoon sa isa pang Mensahe: “O pinakamamahal na maliliit na mga anak, mga anak ng Aking Puso! Hindi pa rin ninyo naiisip ang misteryo ng Sagradong Lugar na ito. Hindi ninyo naiisip ang kahalagahan ng Sagradong Lugar na ito, ngayon mismo sa mga panahong ito kung saan ang Simbahan ay dumaranas sa mga oras ng karimlan, pagkalito. Ang Lugar na ito ang tukod ng Aking Bikaryo, Aking mabait na Bikaryo Pablo VI... Siya ay bihag! Kaya, sa mga sandaling ito, ang Aking Puso ay nagdurugo at ang Aking mga Mata ay puno ng mga luha, dahil ganoon ang kalagayan ng Aking Bikaryong si Pablo VI! Kaya, nais Ko na ang Sagradong Lugar na ito, El Palmar de Troya, na maging suportado, ang suhay ng Aking Bikaryo Pablo VI. Kayo, pinakamamahal na mga anak ng Sagradong Lugar na ito, matatag kayong magkaisa para sa Papa; mahalin siya nang marubdob; huwag

kalimutan na siya ang Kristo sa mundo. At higit sa lahat kaawaan at damayan siya. Labis siyang nahihirapan, at lalo pang mahihirapan; hanggang, sa bandang huli, ay ibibigay niya ang kanyang buhay para sa buong Simbahan... Tulungan siya sa pamamagitan ng inyong mga panalangin at mga penitensiya! Iyan ang kahalagahan ng El Palmar de Troya, na ang Lugar na ito ay matapat sa Tradisyon ng Simbahan, at tapat sa Papa, at nauunawaan ang Papa sa mga panahong ito ng Simbahan.” Ang tungkuling ito ng mga Palmaryano, ang maging malapit na kaisa ng Papa, na mahalina siya nang lubos at para tulungan siya sa pamamagitan ng inyong mga panalangin, ay hindi nagtapos sa pagkamatay ni San Pablo VI, subalit nananatiling puwersa, sapagka’t kahit sa disyerto ng El Palmar, ang Bikaryo ni Kristo ay laging nagpapasan ng mabigat na karga ng mga paghihirap, mga tungkulin, at mga pagsalungat sa kanyang mahinang mga balikat, kung kaya siya ay nakaasa sa tulong mula sa Diyos at sa inyong mga dalangin.

Ang panawagan ng Pinakabanal na Birheng Maria, sa pamamagitan ng Kanyang pangunahing mensahero, Clemente Domínguez, ay may kasamang katangi-tanging mga palatandaan na nagpapatunay sa katotohanan ng mga Aparisyon: kahanga-hangang mga ekstasi, kumbersiyon, mahimalang mga paggaling. May mga tunay na hindi pangkaraniwang mga kaganapan, tulad ng nakikitang mistikal na mga Komunyon, na kung saan ang Sagradong Ostiya, ay mahimalang natanggap mula sa mga kamay ng Panginoon, na nakita ng lahat na naroon sa dila ng ibang mga seer; at mga istigmatisasyon sa maraming mga seer. Sa maraming mga pagkakataon, si Clemente Domínguez ay natanggap ang grasya ng Istigmata ng Pasyon ni Kristo, sa mga kamay, sa noo at ulo, at sa kanang dibdib. Natanggap niya ang iba sa mga Sugat na ito sa harap ng maraming madalas pumunta sa Sagradong Lugar ng El Palmar. Sa isang pagkakataon ay nawalan siya ng mahigit sa labinlimang litro ng dugo mula sa istigmata sa isang araw lamang, na hindi tumanggap ng anumang atensiyon medikal, at sa sumunod na araw siya ay nakatayo na at naglilibot sa bahay, na tunay na himala mula sa langit na nasaksihan ng maraming mga tao, dahil ang normal na katawan ng tao ay mayroon lamang limang litro ng dugo.

Maraming may mga karamdaman ang gumaling sa kanilang mga karamdaman sa katawan sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya, higit sa lahat mula sa Tubig na binasbasan ng Pinakabanal na Birhen. Minsan may labingapat na may karamdaman ang gumaling sa isang araw, at sa aklat ng mga Mensahe may iba pang mga pagpapatunay ang ibinigay sa mahigit na dalawampung kaso ng mahimalang mga paggaling: ng kanser, kanggrena, paralisis, mga tumor, mga ulser, arthrosis, cysts o kato, mga bato sa apdo, mga pamamaga, sakit sa nerbiyos, labis na sakit, at iba pa. Gayunman, ang karamihan sa mga tao ay tinanggihan ang lahat ng mga himalang ito at mga palatandaan, kung kaya noong 1972 ang Panginoon ay nagsabi: “Malungkot maraming mga bulag na tao na, may mga mata, ay hindi nakakikita sa oras na ito ng kadiliman. Ang mga palatandaan at mga patunay ay nasa lahat ng dako nguni’t pinipilit nilang bigyan ng siyentipikong paliwanag sa lahat at ang lahat ng ito ay dahil sa ang tao ay ginagawang diyos ang kanyang sarili. Ah! Anong nakatatatong materyalismo ang naghahari sa mundo ngayon!”

May mga nagsasabing wala silang obligasyon para maniwala sa mga Mensahe, na hindi totoo, sapagkat ang lahat ng mga tao ay may tungkuling tanggapin ang Ipinahayag na Relihiyon, na paniwalaan ang mga dogma nito, na sundin ang mga kautusan nito at gawin ang pagsamba nito, sapagka’t ang Diyos ay Katotohanan mismo at ang pinakamataas na kapangyarihan, at ang lahat ng Kanyang mga nilalang ay may tungkuling maniwala sa Kanyang salita at sundin ang Kanyang mga batas. Walang kalayaan sa konsensiya sa harap ng Diyos. Ang lahat ng tao ay ipinanganak na nasa ilalim ng katotohanan, at may tungkuling ipropesa ito ayon sa kanyang kaalaman. Ang Diyos, bilang Taglalang, ay may kumpletong kapangyarihan sa lahat ng Kanyang mga nilalang, at ang tao ay dapat na sumangayon ang kanyang katuwiran sa salita ng Diyos, maniwala kung ano ang Kanyang itinuturo at gawin kung ano ang Kanyang utos.

Ang Diyos ay puwedeng itiwala sa ilang seer Niya na magsalita sa atin sa ngalan Niya. Sapat na sa atin ang magkaroon ng siguradong mga palatandaan para ipakita na iyong mga binigyan ng Diyos ng misyon na iparating sa atin ang Kanyang mga disposisyon ay hindi nilalang o manlilalang. Hindi ba ang isang nasasakupan ay kikilalaning walang kuwenta at ayaw magpasailalaim kung siya ay tumangging gawin ang utos sa kanya ng kanyang hari at sasabihing hindi niya natanggap ang mga iyon mula sa hari mismo kundi buhat sa isang tagapamagitan? Hindi kinakailangang ang lahat ay maging personal na saksi sa mga palatandaan mula sa langit na ibinigay ng mga kinatawan ng Diyos bilang mga patunay sa kanilang misyon; ang testimonya ng mapagkakatiwalaang mga saksi ay sapat na. Para malaman natin ang ating relihiyon, ay may mga patriarka, mga propeta, mga apostoles, mga kinatawan ng Diyos, sa pagitan ng Diyos at natin. Ang mga kinatawan na ito ay dapat may mga kredensyal, mga palatandaan na nagpapatunay sa kanilang banal na misyon, sapagka’t ang Diyos ay nakapagbibigay ng tiyak na mga palatandaan, at ang mga

pangunahin ay mga himala at mga propesiya. Kapag ang Diyos ay nagbigay ng mahimalang mga palatandaan para ipakita ang katunayan ng mga aparisyon, Siya ay lumalagda para ipakita na Siya ang may akda, dahil tanging ang Diyos ang may kapangyarihan para gumawa ng awtentikong mga himala, at ang Diyos ay hindi maaaring mag-apruba ng mali, o pumabor sa mali sa pamamagitan ng mga himala. Ang mahimalang mga kaganapan ay aprubado ng maraming mga testimonya noong mga nakasaksi noon. Kapag ang isang himala ay ginawa para kumpirmahin ang isang Mensahe o Aparisyon, Diyos mismo ang nagkukumpirma nito na may selyo ng Kanyang kapangyarihan. Kapag ang Diyos ang Ating Taglalang at Panginooon ay nagpahayag ng isang bagay, tayo ay may obligasyong ipasailalim ang ating talino at ang ating isip sa Kanya sa pamamagitan ng Pananampalataya. Sa Pananampalataya, tayo ay naniniwala sa mga bagay na Kanyang inihayag na totoo, dahil sa kapangyarihan ng Diyos na naghayag ng mga iyon. Ang Diyos, na namumuhi sa pagmamataas, ay nais na ipaalaala sa atin na tayo ay nakaasa sa Kanya, at tayo ay dapat ipasailalim ang ating mga sarili nang may kababaang-loob sa Kanyang salita at sa Kanyang kalooban. Iyong mga ayaw maniwala sa mga misteryong ipinahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga kinatawan ay matigas ang ulo at walang Diyos, dahil ang kanilang pagtanggì sa kung ano ang inihayag ng Diyos ay kasalanan sa Diyos, na siya mismong Katotohanan, at siyang mas may karapatan kaysa kahit na sinong desenteng tao ang maaaring obligahin tayo na maniwala sa Kanyang salita.

Ang Diyos mismo, na nagpapahayag ng mga misteryo at naglalagay ng Pananampalataya, ay binigyan tayo ng paggamit ng isip, at ang isip gayundin ay nagsasabi sa atin na ang mga mali, mga erehya at mga kalaswaan na kinondena ng Simbahan sa paglipas ng mga siglo ay hindi kailan man magiging tama, kahit na ang modernong mga teologo ng Vatican II conciliabulum ay nagsasabi ng kabaliktaran. Diyan mayroon tayong isa pang napakaimportanteng palatandaan sa katotohanan ng Palmaryanong mga Aparisyon, na ang pagtanggol na ginagawa ng mga Mensahe tungkol sa tradisyonal na doktrina ng Simbahan at ng kanyang mga Dogma, sa harap ng progresibistang mga erehya, ng huwad na ekumenismo, modernismo at iba pang mga mali at mga imoralidad na paulit-ulit na kinondena ng lahat ng mga Papa sa mga nagdaang siglo. Ang lahat ng turo na salungat sa Hindi Nagkakamaling Turo ng Banal na Simbahan ay dapat tanggihan. Kahit na iyon ay galing sa mga obispo o sinusupportahan ng wari'y mga himala.

Hindi lamang mga himala, subali't ibang mga palatandaan din para ipakita ang katotohanan ng El Palmar, tulad ng sinabi ng Pinakabanal na Maria noong 1973: "Dahil ang Gawaing ito ay may isang palatandaan, isang palatandaan na ang Krus. Narito ang palatandaan ng mga Gawain ng Diyos: ang Krus. Pag walang Krus, walang Banal na Gawain." Ang palatandaang ito ay kitangkita kay Clemente Domínguez na, sa lahat ng mga seer, ay siyang naghirap nang husto at nagtamo ng pinakamalaki at pinakamatinding kritisismo at siyang puntirya ng pinakamaitim na mga paninira. Ang moral na paghihirap na kanyang pinagdaanan ay napakalaki, at ito pareho, at iba pa na nagresulta mula sa istigmata ng Sagradong Pasyon, lagi niyang iniaalay para sa mga makasalanan, para sa Papa at para sa Simbahan, at para sa tagumpay ng Pinakabanal na Birhen. Ang mabigat na krus na kanyang pinasan ay hindi maipagkakamaling palatandaan na ang kanyang misyon ay mula sa Langit.

Ang mga Aparisyon ay nagdala ng kritisismo at oposisyon mula sa nabubulok na herarkiya ng Simbahan, simula nang malantad ang kasamaan nito. Ang mga Mensahe mula sa langit ay binatikos ang modernong misa, ang pagpapahina sa banal na pagsamba, ang mga sakrilihiyo, pagtalikod sa panalangin, materyalismo, mga iskandalo sa pananamit, kabiguan sa pagsunod sa mga utos ng Diyos, mga erehya, huwad na ekumenismo at iba pang mga pagkakalihis, ang lahat ay may basbas o pakana ng romanong herarkiya at mga pari. Ang mga Mensahe ay gumigiit sa pangangailangan upang muling iistablisa ang awtentikong Banal na Sakripisyo ng Misa, gumawa ng panalangin at penitensiya para magbayad-puri sa Diyos at magligtas ng mga kaluluwa, at tumigil sa pagkakasala sa Diyos. May mga propesiya, kinumpirma ng iba't-ibang mga seer, tungkol sa malaking mga parusa mula sa Diyos sa pagtanggì sa tradisyonal na doktrina ng Simbahan, kasama na ang pagkakawatak-watak at malaking mga pag-apostata pagkaraan ng kamatayan ni Papa San Pablo VI, at sa nalalapit na Ikatlong Digmaang Pandaigdig.

Noong Abril 1972, si Clemente Domínguez ay naglakbay sa Roma para iabot, kay Papa San Pablo VI, ang isang Dokumentong pagtanggol ng mga Aparisyon sa El Palmar de Troya, may pirma ng malaking bilang ng mga mananampalataya na naging mga saksi sa kahanga-hangang mga kababalaghan at mga himalang naganap sa Sagradong Lugar na ito: nakikitang mistikal na mga Komunyon, mga istigmatisasyon, mga kumbersiyon, mga paggaling, at ganoon din maraming mga dasal at penitensiya na ginawa sa Palmar. Sa dokumentong ito, na sa panahon nito ay iniabot din sa Kardinal ng Sevilla, José Maria Bueno Monreal, ang kondensasyon na ginawa ng preladong ito sa mga Aparisyon ay tinanggihan, kinonsidera itong hindi

patas, sapagka't ang tribuna, para magbigay na hatol, ay may obligasyon na magkaroon ng mga pagdinig, at ang ibig sabihin ay masusing imbestigasyon at pag-aaral sa mga katibayan, na nakasaad sa mga Dokumento. Ang mga Aparisyon sa El Palmar de Troya ay nagkaroon ng maraming mga ebidensiya na makikita ng lahat na magkakaroon ng interes sa mga iyon. Gayunman, ang Kardinal sa Sevilla, hindi binigyang halaga ang supernatural na mga pangyayari, ay hindi makatwirang kinondena ang mga Aparisyon. Kaya, wala silang ibang matatakbuhan kundi ang lumapit sa Santo Papa, Papa Pablo VI, ipinaalam sa kanya ang mga kaganapan sa El Palmar, sinuportahan ang kanilang impormasyon ng mga larawan ng mahimalang kaganapan ng iba't-ibang mga seer, at may mahabang listahan ng mga lagda ng mga saksi: pinakiusapan siyang pag-aralan ang mga Aparisyon.

Sa isa sa mga pagbisita ni Clemente Domínguez kay Kardinal Bueno Monreal ng Sevilla, ang preladong ito, may katigasan ng ulo at kayabangan, tinanggihan ang mga Mensahe, personal na sinabihan ang seer sa harap ni Manuel Alonso Corral at iba pa: "Sabihan mo ang Birhen na pumunta rito at sabihin niya mismo iyon sa akin"; na kung saan ang seer ay sumagot: "Eminensiya, kung wala kayong kababaang loob, ay hindi kayo kakausapin ng Birhen."

Alalahanin na ang Sanhedrin sa kabuoan ay nagpulong dahil sa himalang pagkabuhay muli ni Lazaro, at tinukoy si Hesus, ay nagsabi: "Ano ang ating gagawin, dahil ang taong ito ay gumagawa ng maraming mga himala? Kung hahayaan lang natin Siya, ang lahat ay maniniwala sa Kanya." Ang mga kasapi ng Sanhedrin ay kumbinsido rin sa Muling Pagkabuhay ni Hesus Kristo. Para itanggi ito sila ay nagpasiyang manuhol at magsinungaling. Binigyan nila ang mga bantay ng malaking halaga ng pera para ipamalita na ang mga disipulo ni Hesus ay ninakaw ang katawan ng Maestro habang sila ay natutulog. Nguni't kung talagang hindi sila naniniwala sa Muling Pagkabuhay ni Kristo, ang kanilang obligasyon, at ganoon din para sa kanilang sariling mga interes, ay inoobliga sila na parusahan ang mga sundalo sa kanilang kasalanan laban sa disiplinang militar at usigin ang mga Apostoles sa pagbasag sa takip ng libingan na inilagay roon ng mga awtoridad. Bakit hindi sila nagsimulang magsagawa ng pagsisiyasat para mapatunayan ang kasalanan at hanapin ang nawawalang Katawan? Ang katotohanang ang mga kasapi ng Sanhedrin ay kuntento sa panunuhol sa mga sundalo at manahimik sa pangyayari kapalit sa halaga ng ginto, ay isang tunay na katibayan na hindi nila maitatangi ang Muling Pagkabuhay ni Kristo. Gayundin, sa mga panahon ding ito, pareho katuso, ang Kardinal ng Sevilla, malupit na kaaway ng mga Aparisyon sa Palmar, ay walang pag-aaral na kinundena ang mga iyon at pinagbawalan ang alin mang opisyal na imbestigasyon ng simbahan para malinawan ang mga iyon; na nagpapakita na siya mismo ay naniniwala na ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nagpakita roon, o kaya natatakot na ang imbestigasyon ay maipakita ang ganoon; at sa gayon ay ipinakita ang kanyang sarili bilang kalaban ng Diyos at huwad na pastol ng mga kaluluwa, tulad ng Sanhedrin. Sa pagtanggap sa banal na mga Mensahe ng Palmar, ang romanong mga prelado at ang kanilang mga tagasunod ay nararapat lamang ng kaparehong pagsisi ni Kristo sa mga hudyo: "At gayunman, ayaw ninyong maniwala sa Akin, na Ako ang Anak ng Diyos, dahil sinasabi ko sainyo ang katotohanan... Kung sinasabi Ko sainyo ang katotohanan, bakit hindi ninyo Ako gustong paniwalaan? Ang sino mang mula sa Diyos ay nakikinig sa mga salita ng Diyos. Kaya ayaw ninyong paniwalaan ang mga iyon, dahil hindi kayo mula sa Diyos."

Ang hindi makatarungang hatol ng herarkiya ay naglayo sa maraming mga kaluluwa, tulad ng paliwanag ng Panginoon sa mga Mensahe sa Palmar noong 1971: "O nakita ninyo, mga anak: sila ay mga obispo ng simbahan. Tinawag nila Akong lapastangan sa Diyos at ipinako Ako, nguni't Ako ay ang Anak ng Diyos. Maraming mga hudyo ang sumunod sa mga obispo ng simbahan, at hindi pa nakatatagpo ng kapayapaan. Ang ibang mga Hudyo ay hindi sumunod sa mga obispo; subali't sila ay nagluluwalhati sa Diyos, sapagka't sila ay naniwala sa Aking Salita... Tingnan ninyo ang mga bunga at malalaman ninyo kung ang aparisyon ay mula sa Diyos." At ang Banal na Pastora ay nagsabi: "Kung sino man ang nakatitiyak na nakarinig ng boses ng Langit ay obligadong magbigay ng testimonya sa katotohanang iyon sa parusang pagkakakondena. Kung ganoon, ang Panginoon ay nagbibigay ng lakas sa Kanyang mga seer. Pag-aralan ang sumusunod, ito ay nasa Sagradong Kasulatan: Ang mga Apostoles ni Hesus ay gumawa ng mga himala sa Ngalan ni Hesus, at nangaral ng Kanyang Doktrina; subali't ang mga obispo ng hudyong simbahan ay pinagbawalan silang banggitin ang Banal na Ngalan ni Hesus, at hinampas sila sa Sinagoga. Si Pedro ay tumanggap ng tapang mula sa Panginoon at sumagot: 'Husgahan ninyo ang inyong mga sarili kung makatarungan sa harap ng Diyos na sumunod sainyo sa halip na sa Kanya.' At sa katapusan ng kanyang mga araw ay kinumpirma niya ang katotohanang ito sa pamamagitan ng kanyang dugo, namatay na nakapako sa Krus na ang ulo ay nasa ibaba. Kung ako ay magsasabi ng kahit ano laban sa Ebanghelyo, laban sa mga Dogma, huwag ninyo Akong sundin, kundi ang inyong mga Pastol. Alam ninyo na sa Sagradong Lugar na

ito, ang mga Mensahe ay isang kumpirmasyon ng Banal na Ebanghelyo at ng Sagradong mga Dogma ng Banal na Katolikong Simbahan.”

Alalahanin sa Palmaryanong Kredo na sinasabi natin na tumutukoy sa darating na mga panahon: “Naniniwala ako na, dahil sa malaking pangkalahatang pag-apostata ng romanong simbahan, ang teribleng Ikatlong Digmaang Pandaigdig ay mangyayari at ang unang Tatlong Araw ng Karimlan sa Apokaliptikong Panahon; ang lahat ay magiging nakatatakot na paglinis na parusa, bilang pagpapakita ng makatarungang Galit ng Diyos. Naniniwala ako na, kasabay ng malaking paglilinis na ito, ang maluwalhating Aparisyon ng Pinakabanal na Birheng Maria o Malaking Himala sa El Palmar de Troya ay magaganap, Pentekostes sa Palmaryanong mga Apostoles, ang bagong pagkakadena kay Satanas, ang pang-unibersal na pagluluwalhati ng Banal na Palmaryanong Simbahan, at ang Pagtatagumpay ng Sagrado Hispano-Palmaryanong Kaharian o ang Paghahari ng Sagradong mga Pusong ni Hesus at ni Maria, dala ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha o Tagapasan ng Krus, na pinangungunahan ng Papa.

Ang “Malaking Himala” ay darating pagkaraan ng mga parusa at paglinis sa mundo. Hanggang ngayon ang mga himala sa Palmar ay maliliit lamang. Ito rin ay isang grasya, para sa mas malaking merito ng mabuting mga kaluluwa, kaya sila ay kumikilos nang may pananampalataya. At ito ay pagkaawa para sa masasamang mga kaluluwa, dahil ito ay isang grasya para sa kanila para iantala ang Malaking Himala hanggang sa sila ay handa nang tanggapin ang iyon, dahil kapag ito ay dumating na ngayon, ang kanilang kasalanan ay mas magiging malaki sa pagtanggihan. Iyon ang ipinaliwanag ng Ating Panginoong Hesukristo sa isang Mensahe noong 1972. “Ano ang magiging merito sa paniniwala pagkatapos ng Himala? Ngayon na kung kailan ay may merito sa paniniwala, na siyang tinatawag na pananampalataya.” Magpatuloy nang matatag sa Pananampalataya sa daan ng kaligtasan, na hindi iiwanan ang mga direktiba ng Simbahan. Maghintay nang may pagtitiyaga, ang Malaking Himala sa Palmar ay darating isang araw, at “ang Ating Ina sa Langit ay magpapakita ng liwanag ng Kanyang kaluwalhatian na hindi pa kailan man sa kahit anong nakaraang aparisyon. Sa pamamagitan ng Kanyang maluwalhati at matagumpay na apokaliptikong pagpapakita, ang Pinakabanal na Birheng Maria ay magbibigay ng pang-unibersal at malinaw na katibayan sa katotohanan ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan.”, tulad ng tinuran sa Aklat ng Apokalipsis.

Maliban pa, iyong mga tunay na nagmamahal sa Panginoong Hesukristo ay hindi na nangangailangan pa ng maraming hindi pangkaraniwang mga katibayan para sundin Siya. Ang Panginoon mismo ay nagpaliwanag tungkol dito sa pagkukuwento tungkol sa Mabuting Pastol: “Ang mga tupa ay naririnig ang kanyang tinig, at tinatawag niya ang bawat isa sa kanyang mga tupa sa kanilang mga pangalan, at dinadala sila sa mabuting pastulan. At kapag pinangungunahan niya sa labas ang kanyang mga tupa, siya ay nangunguna sa kanila at ang mga tupa ay sumusunod sa kanya, dahil kilala nila ang kanyang tinig. Subali’t hindi sila sumusunod sa hindi kilala, sa halip lumalayo sila sa kanya dahil hindi nila kilala ang tinig ng mga estranghero... “Ako ang Mabuting Pastol: Kilala ko ang Aking mga tupa at ang Aking mga tupa ay kilala Ako.” Ito ang dahilan kung bakit nagkaroon ng napakaraming mga Santo sa mga Palmaryano, na ang isang hangad ay sumusunod nang tapat kay Kristo. Ang mga pariseo at mga saduceo sa kabilang banda, kahit na maraming mga himala ang ginawa ng Ating Panginoon at humingi sa Kanya na bigyan sila ng hindi pangkaraniwang katibayan mula sa Langit bilang katunayan na Siya ang Mesiyas. Gayunman, si Hesus, nagbuntong hininga nang malalim, nagsabi sa kanila: “Bakit ang henerasyon na ito ay humihingi ng isang katibayan? Bakit hindi ninyo nakikita ang malinaw na mga palatandaan sa mga panahong ito sa Pagdating ng Mesiyas? Ang masama at mapagkalunyang henerasyong ito kung ganoon, ay humihingi sa Akin ng isang hindi pangkaraniwang palantandaan; walang ibang palatandaan ang ibibigay rito, gayunman, nang higit sa palatandaan ni Propetang Jonas: dahil habang si Jonas ay nasa tiyan ng balyena sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi, ganoon din ang Anak ng Tao ay tatlong araw at tatlong gabi sa puso ng lupa.” At ang masama at mapagkalunyang henerasyon sa ika-dalawampu’t isang siglo ay hindi magkakaroon ng ibang palatandaan maliban sa Malaking Himala sa Palmar.

Sa Lumang Tipan, nauna nang sinabi ng Diyos sa Kanyang mga tao na kung susundin nila ang Banal na Batas, sila ay magtatagumpay sa kanilang mga kaaway at sila ay bibigyan ng labis-labis na mga biyaya. Inihayag din Niya sa kanila ang pinakamalungkot na mga kalamidad kapag sila ay hindi naging matapat. Kung kaya laging nangyayari sa pagdaan ng mga siglo: Kapag ang mga Hudyo ay sumuway sa Batas ng Diyos, sila ay nadudurog ng katabing mga bansa. At kapag sila ay nakumbert, ang Diyos ay nagbibigay ng matagumpay na mga caudillo sa kanila. Ang Sagradong Kasaysayan ay maliwanag na nagpapakita na ang Diyos ay nagpaparusa sa may kasalananang mga bansa, sa malao’t madali, at mahigpit, para

ang tao ay laging , higit sa lahat at sa ano mang katapat, matapat na sumunod nang walang nilalabag sa Diyos, na hindi nagbabago, at sa Kanyang banal na Relihiyon. Ang Panginoon ay nagsabi ng ganoon sa El Palmar noong 1972: “Ang Sangkatauhan ay naglalakad ng malahiganteng hakbang patungo sa sarili nitong pagkasira, dahil ito ay nasa bingit na ng Ikatlong Digmaang Pandaigdig.” Sa malapit na panahon, napakalapit, ang lupa ay mangangatal; dahil ang sangkatauhan, sa pamamagitan ng mga kasalanan nito, sa pamamagitan ng pagmamataas nito, ay hinihila pababa ang Galit ng Ama. Kung kaya, Ako ay nakikiusap sainyo, Aking maliliit na mga anak, na ilapit ninyo ang inyong mga sarili sa kandungan ng inyong Ina sa Langit, ang Banal na Pastora. Pinipigilan Niya ang oras ng hustisya at nakikiusap na ang awa ay maghari. Magkakaroon ng malalaking mga kaganapan sa madaling panahon sa Europa. Ang Europa ay labis na parurusahan.”

“Dahil maging ang digmaang atomiko ay hindi sapat para parusahan ang mga kasalanan at kasamaan ng kasalukuyang mundo, ang tatlong araw ng karimlan ay darating din para tapusin ang napakaraming kasamaan. Ang pagkasira ng mundo sa ngayon ay maikukumpara sa mga panahon ni Noe, kung saan ay walong tao lamang ang seryosong nakinig sa mga babala ng Diyos ang naligtas mula sa Unibersal na Baha. Pagkaraan ng mga parusa, nang ang mundo ay ganap nang nalinis, ang Diyos ay magpapakita ng awa sa sangkatauhan. Ang Pinakabanal na Birheng Maria ay nangako ng ganoon sa Palmar: “Aking mga anak, ang himala ay napakalapit na. Wala nang iba pang himala ang gagawin sa alin mang ibang aparisyon na tulad nang ganito... Dapat malaman ninyong lahat na Ako ang inyong Ina. Ang mundo ay makikita sa madaling panahon ang kapangyarihan ng Diyos at mangangatog, dahil ang Galit ng Ama ay hindi na patatagalin pa. Sa madaling panahon din ang awa ng Ama ay makikita, sapagka’t ang malaking himala ay magaganap na sa madaling panahon; nguni’t bago iyan ang kalis ay dapat na malinis. Kayo ay binabalaan, at ngayon may kaunting panahon na lamang, dahil ang oras ay darating para sa lahat, ayon sa nagawa o hindi ninyo nagawang penitensiya. Binabasbasan Ko kayo.”

Ang Maluwalathing Taon 2018 ay para rin gunitain ang apatnapung taon ng Papado sa El Palmar de Troya, ibig sabihin, apatnapung taon ng Simbahan sa Disyerto. Ang kinahantungang kaganapan ng mga Aparisyon sa Palmar ay noong ika-6 ng Agosto 1978, sa pagkamatay ni Papa San Pablo VI. Ang Ating Panginoong Hesukristo ng araw ding iyon ay nagpakita sa noon ay Obispo Primado Padre Fernando, at tinanong siya: “Mahal mo ba Ako?” “Opo, Panginoon, Alam Ninyong mabuti iyan,” ang sagot ni Padre Fernando. Ang Paginoon ay nagsabi sa kanya: “Pastulan mo ang Aking kawan.”

Tiyak ang Panginon ay alam na mabuti na mahal niya Siya: sa loob ng siyam na taon si Clemente Domínguez ay nagbigay ng patuloy na mga katibayan ng kanyang pagmamahal at katapatan sa Diyos, nagpapalaganap ng mga Mensahe, dumadalaw sa hindi mabilang na mga Obispo at mga Pari bilang Mensahero ng Diyos, nagpapatuloy sa pagsulong na may tapang, tinitii ang mga panghahamak at mga komprontasyon, laging handang gawin ang hindi magandang mga misyon, samantalang ang ibang mga seer ay lumalayo sa mga iyon. Ang pagmamahal ni Clemente ay nagniningning sa kabuuan ng dakilang apostolikong gawain na kanyang ginagawa. Salamat sa kanyang mga pagsisikap, ang Banal na Rosaryo Penitensiyal ay napalawak at sa Palmar ang araw-araw na pagdarasal at penitensiya ay hindi nagkukulang kailan man. Nangunguna ang kanyang ispiritu ng sakripisyo, dasal at pangako, maliban sa kanyang katapatan at pagsunod sa mga Mensahe na kanyang natanggap mula sa Langit. Mas magiging komportable sana na iitsapuwera niya ang mga iyon at iwasan ang kanyang mga responsibilidad; nguni’t iyon ay mangangahulugang pagkanulo sa kanyang konsensiya. Si Clemente Domínguez ay isang biktima ng kanyang katapatan sa Langit, sa gawaing nakakokompromiso na, bago pa sa kanyang pagiging Papa, ay isinagawa niya bilang mensahero, seer at seglar na apostol, at bilang Obispo Primado ng Banal na Lugar na ito, hinarap ang nakasisirang kasumpa-sumpang progresibismo na, kasabay ng lahat ng mga erehya at pagkasira nito, ipinasok na sa Simbahan maraming taon na ang nakaraan. Ang kalamidad na ito ay umabot sa sukdulan sa panahon ng Papado ni Papa San Pablo VI, ang Martir ng Batikano, na isinailalim sa mga droga at masamang pagtrato upang mawalang bisa ang kanyang kaisipan, para siya ay manipulahin bilang isang instrumento sa makademong mga plano ng freemasonry sa Batikano. Sa kabila ng pamumuno ng mga nakapasok na mga kaaway ng Simbahan, ang mga lagusan ng Impiyerno ay hindi nagtagumpay laban sa Kanya; ang Simbahan ay patuloy na walang talo sa Disyerto ng El Palmar de Troya, preserbado sa mga erehya at mga pagkasira salamat sa banal na mga Aparisyon na naghanda sa Sagradong Lugar na ito para maging Apostolikong Pamunuan ng Simbahan, ang Katedra ni San Pedro. Gayunman, kung si Clemente ay tumulad sa ginawa ng ibang mga seer ng Palmar na pagwawalang-bahala at kawalang interes, ang mga Aparisyon ay malamang na humantong sa wala. Siya ang tanging seer na nagsikap nang husto upang

ipasunod ang lahat ng utos ng Langit; napagtagumpayan ang libong mga hadlang, hinarap niya ang bawa't kaaway nang walang pagod na resolba at walang isa man ang nakapigil sa kanya. Sa pamamagitan ng resolbang ito, ayon sa ipinakita ni Clemente ang kanyang sinsero at walang pag-iimbot sa pagmamahal sa Diyos at para sa Papa at sa gayon ay sumagot siya nang pagsang-ayon nang ang Panginoon ay tinanong siya ng kaparehong mga tanong kay San Pedro: "Mahal mo ba Ako?" Nagpakita siya ng mga katibayan, hindi lamang ng kanyang pagmamahal, nguni't ng kanyang pagiging masigasig sa pagtanggol sa Pananampalataya at sa pagpapairal ng banal na pagsamba at mabuting ugali, kung kaya nakikita na siya ang pinakasapat na tao para maging Bikaryo ni Kristo. Ang Simbahan ni Kristo ay sa gayon umangat na may mas malaking puwersa at lusog sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya, sa halip na mapuksa tulad ng inaasahan ng mga kaaway.

Nang memorableng araw na iyon ng ika-6 ng Agosto 1978, ang Ating Panginoong Hesukristo, kasama ang mga Apostoles na San Pedro at San Pablo, ay ipinutong ang Sagradong Tiara sa ulo ng bagong Papa, na kinoronahan sa ganoong paraan sa isang mysteryoso at malalim na paraan. "Masdan ang katuparan ng mga propesiya: Ang Martir ng Batikano, ang dakilang martir, ay namatay... Siya ay lubos na nasisiyahan dahil kahi't kailan ay hindi siya nakagawa ng mali na ikondena ang Carmelitas ng Banal na Mukha. Sa kanyang puso ay lagi niyang inaaprubahan ang Orden, inaprubahan ang mga Obispo ng El Palmar de Troya. At lagi siyang umaasa sa mga Obispong ito para sa pagpapatuloy ng Banal na Simbahan. Siya ay namatay, kung gayon, na may malaking kaligayahan, sa pagkakaalam na ang Simbahan ay magpapatuloy sa pamamagitan ng El Palmar de Troya... May malaking kasiyahan sa Langit sa araw na ito ng Transpigurasyon sa Bundok ng Tabor. Ngayon ang Bundok na tinatawag na Kristong Hari ay natranspigura sa Bundok ng Tabor dahil sa kaluwalhatian ng dadanasin ng Simbahan sa panahong ito ng apokaliptiko, sa panahong ito ng mga katakumba... Ang Paghahari ng Kaluwalhatian ng mga Olibo ay nagsimula na. Malaking mga paghihirap ang naghihintay saiyo, Aking mahal na anak. Mabigat ang Krus na iyong papasanin, mas mabigat sa mismong pagiging bulag. Ang krus ng hindi pagkakaunawa, ang krus ng persekusyon. Manatiling matatag! Hingin ang tulong ng Aking Pinakabanal na Ina, ang Birheng Maria. Lagi ka Niyang sasamahan... Tanging ang payak at may mapagpakumbabang puso ang kikilala sa kanya na ang tunay na Papa... Ang panahon na tinatawag na Ginto ay nagsisimula sa Kasaysayan ng Espanya. Ang pagbuhay ng mabuting mga prinsipyo... Ang Dakilang Papado ng Kaluwalhatian ng mga Olibo ay nagsimula na. Ang Papa na inihayag ng maraming mga mistiko, sa maraming mga propesiya... Ito ay inihayag din sa luma nang mga propesiya kung paano ang pagpili ng Papa na ito ay magaganap: Ito ay magiging sa pamamagitan ng direktang interbensiyon ng mga Apostoles na San Pedro at San Pablo. Walang ibang paraan upang kontrahin ang opisyal na pagpili sa pamamagitan ng conclave o pagtitipon sa Roma, kung saan ang antipapa ay susulpot." "Nang napakaliit pa, ang Papa na ito ay may kababalaghan ng bawa't titik ng salitang 'Gloria' na nakita sa kanyang dila; sa loob ng ilang linggo, ang mga titik ng salitang 'Gloria' ay nakita isa-isa. Matatawag ba iyong pagkakataon, o Probidensiya?" Tumutukoy ito sa isang mahimala at propetikong pangyayari kay San Gregoryo XVII sa kanyang kabataan: Si Clemente ay bumibisita sa kanyang tiyahin bawa't linggo, at ang tiyahin niyang ito ay may nakitang titik ng alpabeto bawa't linggo na nakasulat sa kanyang dila, sa ganitong pagkakasunod: "G-I-O-R-I-A". Dahil alam ng Diyos ang hinaharap, ang kanyang kaalaman ay walang hanggan, at walang nakaraan o hinaharap sa Kanya; nakikita ng Diyos ang lahat ng gagawin ng malayang mga nilalang, nang hindi nito maaapektuhan ang kanilang kalayaan sa anumang paraan, at sa gayon ay nagbibigay ng mga propesiya bilang testimonya sa Katotohanan.

Makaraan ang kamatayan ni Papa San Pablo VI, ang pangkalahatang pag-apostata ng romanong simbahan ay naganap, at nawala nito ang pagiging tunay na Simbahan ni Kristo. Ang pag-apostata na ito ay hinila sa hanay nito praktikalmente ang buong Katolikong mananampalataya, na may eksepsyon ng kaunti na nanatiling matatag sa tunay na doktrina ng Simbahan: ang Palmaryanong mananampalataya sa ilalim ng tungkod ng tunay na Bikaryo ni Kristo, Papa San Gregoryo XVII, na may Pamunuan sa El Palmar de Troya.

Sa apostatang pamunuan sa Roma, isang serye ng mga antipapa an napangalanan bilang huwad na mga pastor, kasama sa kanila si antipapa Juan Pablo II, napakatakaw na halimaw, ang pinakamalaking nagpapalaganap ng mga erehya at iba pang mga pagkasira at importanteng prekursor ng antikristo, na ang motto ay "De Labore Solis" na ang ibig sabihin ay "Eklipse ng Araw", dahil siya ang namamagitan sa pagitan ng Araw, si Papa Gregoryo XVII, at ang sangkatauhan, na nagresulta sa pinakamalaking ispiritwal na eklipseng nalaman hanggang sa panahong iyon. Sa darating na ika-6 ng Agosto 2018, ang judaic-vatican freemasonry ay magkakaroon din ng kapistahan, at ipagdiriwang ito na may makaimpiyernong anibersaryo ng apatnapung taon ng kanilang tagumpay sa romanong simbahan. Nasa kanila ang lahat ng mga gusali na sa

nagdaang mga panahon ay sagrado, na naghila ng daang milyong mga kaluluwa sa pag-apostata. Gayunman, tungkol sa Tunay na Simbahan, ang lahat ng mga pagsisikap ng mga mapagsumpa ng kabulaanan na mga freemason ay nagsilbi para dalisayin siya at linisin siya sa lahat ng nakamamatay na pagkabulok na nagpapahina sa kanya, at pinahintulutan siya na mag-ugat sa matabang lupa ng Palmar at yumabong nang may panibagong lakas, pinabagong sibol at pinaganda.

Ganoon din sa taong 2018, ika-23 ng Setyembre ay ang panlimampung anibersaryo ng kamatayan ni San Pio ng Pietrelcina, isang mahalagang tao sa El Palmar de Troya. Ang kanyang mga Aparisyon sa mga seer ng Banal na Lugar na ito ay napakadalas. Ang kanyang presensiya sa Palmar ay nabigyang pansin ng maraming mga peregrino sa pamamagitan ng ilang kataka-takang mga palatandaan, kasama na roon, ang pabango. Si San Pio ay nakita sa unang pagkakataon sa El Palmar de Troya nang siya ay buhay pa, maikling panahon makaraan ang pagsisimula ng mga Aparisyon. Ang pagiging paborito ng istigmatisadong Santo para sa El Palmar de Troya ay hindi nakapagtataka, dahil siya mismo ay nagpropesiya na ang Pinakabanal na Birheng Maria ay magpapakita sa nayon sa pagitan ng dalawang lungsod ng Sevilla at Cadiz, sa Espanya; kung kaya matatawag natin siyang unang Palmaryanong mananampalataya. Sa isa sa kanyang mga Aparisyon, si San Pio ay nagturo sa atin na magdasal ng Banal na Rosaryo Penitensyal ng mga Ama Namin, sa umpisa ay tinawag ding Rosaryo ni Padre Pio. Ang misyon ni San Pio sa Huling mga Panahon ay katangitangi ang importansiya, dahil siya mismo ang nagsabi noong 1972 sa noon na si Clemente: “Ako ay itinalaga ng Ating Panginoong Hesukristo na pangunahan ang Marianong mga Apostoles sa Huling mga Panahon. Hinihingi ko roon sa lahat na mga nais na maging bahagi ng krusada para sa paghahari ni Maria, na kilalanin ako bilang Kapitan ng Marianong mga Hukbo. Sinisiguro ko sainyo na si Maria ay magtatagumpay”

Hayaang ang lahat ay maghanda para salubungin ang Maluwalhating Palmaryanong Banal na Taon 2018 na may banal na sigasig, at pakinabangan ang buong taon, sa pagsamantala sa Walang Hanggang Awa ng Diyos, na inaalok sa atin ang pagkakataong ito para dalisayin at palakasin ang ating mga sarili, at makatamo ng kabanalan. Huwag palampasin ang mga oportunidad para makakuha ng Pinakaplenaryong mga Indulhensiya at iba pang mga grasya sa Maluwalhating Banal na Taon, na magsisilbi para makapaghanda sa mga kaganapan sa hinaharap, sapagka't ang sangkatauhan ay nabubuhay nang nakatalikod sa Diyos, binabalewala ang Kanyang Pinakamataas na Kapangyarihan at ang Kanyang Banal na Batas, at lalo pang nagkakasala. Malinaw ito ay hindi dapat na magpatuloy nang walang katiyakan, ang sosyedad ay lantaran at kriminal na iwinawaksi ang Batas ng Diyos at ang Kanyang patakaran. Para ipakita ito, sapat nang alalahanin na ang Lumang Batas ay nag-uutos ng parusang kamatayan para sa idolatrya, kalapastangan sa Diyos, pangkukulam, pagpatay, pangangalunya, mga krimen laban sa kalikasan at paglabag sa Araw ng Panginoon, na ang lahat ay pinapayagan na at ipinagtatangol na ng napakasamang mga batas ng kasalukuyang mundo. Ang kasamaan ay dumating na sa tugatog nito, at isang araw ang Diyos ay pakakawalan ang Kanyang Banal na Galit at babagsak sa sangkatauhan na may makatarungang lupit na nararapat lamang sa napakaraming mga kasalanan.

Kami, sa pamamagitan ng kasalukuyang Apostolikong Sulat, ay nananawagan sa lahat ng mga mananampalataya ng Isa, Banal, Katoliko, Apostoliko at Palmaryanong Simbahan na dumalo sa peregrinasyon sa Sagradong Lugar ng El Palmar de Troya sa okasyon ng Kapanganakan ng Panginoon, Bisperas ng Bagong Taon 2017 at Araw ng Bagong Taon 2018, at sa gayon ay makiisa sa pagbukas ng Maluwalhating Palmaryanong Taon 2018, at sa ibang Solemneng Pagsamba na gagawin, sa Kalooban ng Diyos, sa Katedral-Basililka ng Ating Ina ng Palmar Koronada.

Ipinaaalaala namin sainyo na sa ika-25 ng Disyembre, sa hatinggabi, sa umpisa ng Araw ng Pasko, tayo ay magkakaroon ng Misa sa hatinggabi tulad ng dati. Pag 11:00 ng umaga ay magsisimula ang Konsyertong Pamasko ng mga Kampana at pag 11:30 ay magbubukas ang Simbahan. Tulad ng nakaraang taon, pag alas 12:00 ng tanghali ay magkakaroon tayo ng solemneng seremonya ng paghalik sa Batang Hesus, na magsisimula sa himno na Adéste Fidelis sa latin at pagkatapos ang mga karol ay aawitin sa iba't-ibang mga wika. Pagkatapos ng seremonya, kami ay magbibigay ng basbas ng Banal na Batang Hesus. Ang mananampalataya na dumalo sa apat na turno ng mga Misa sa Araw ng Pasko ay maaaring tumanggap ng Banal na Komunyon sa bawa't turno. Dahil ang lahat ng aming Misyonerong mga Obispo ay narito sa Banal na Pamunuang ito mula ika-23 ng Disyembre, ay walang magiging Misa kahit saan, kung kaya mabuti para sa lahat ng mga mananampalataya na gumawa ng paraan para maging presente sa Banal na Apostolikong Pamunuan ng Simbahan nakapaligid sa Banal na Bata at sa Kanyang Pinakabanal na Ina.

Ibinigay sa El Palmar de Troya, Apostolikong Pamunuan, noong ika-1 ng Oktobre, Kapistahan ng Kristong Hari, sa taon ng Ating Panginoong Hesuskristo MMXVII at pangalawa sa Aming Papado.



May Aming Apostolikong Basbas
Petrus III, P.P.
Póntifex Máximus

Petrus III P.P.